# Sinuman ang mag-anyaya sa matuwid na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang Gantimpala tulad ng Gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga gantimpala nila kahit na isang bagay lang,At sinuman ang mag-anyaya sa Ligaw na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang kasalanan tulad ng mga kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga kasalanan nila kahit na isang bagay lang

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya.-Hadith na Marfu- (( Sinuman ang mag-anyaya sa matuwid na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang Gantimpala tulad ng Gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga gantimpala nila kahit na isang bagay lamang,At sinuman ang mag-anyaya sa Ligaw na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang kasalanan tulad ng mga kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga kasalanan nila kahit na isang bagay lamang))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinahayag ni Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi: "Sinuman ang mag-anyaya sa matuwid na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang Gantimpala tulad ng Gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga gantimpala nila kahit na isang bagay lang" Sinuman ang mag-anyaya sa matuwid na landas: Ibig sabihin:Nagpahayag siya sa mga Tao,at nag-anyaya siya sa kanila;Halimbawa: Ang pagpapahayag sa mga tao na ang dalawang Tindig sa Duha ay Sunnah,At tunay na nararapat sa mga tao na magdasal ng dalawang tindig sa Duha,Pagkatapos ay sumunod sa kanya ang mga Tao,At sila ay nagdadasal na ng Duha,Tunay na ipagkakaloob sa kanya ang tulad ng gantinmpala nila,na hindi ibinabawas sa mga gantimpala nila kahit na isang bagay lamang; Sapagkat ang Kainaman ni Allah ay Sadyaang Napakalawak.O di kaya`y sinabi niya sa mga Tao halimbawa:Gawin ninyo na ang pinakahuling dasal ninyo sa Gabi ay ang Witr,At Huwag kayong matulog maliban sa kayo ay [nakapagsagawa] ng Witr,Maliban sa sinumang may layunin na tumindig [ Ng Dasal] sa pinakahuling bahagi ng gabi,Gawin niya ang Witr niya sa Pinakahuling bahagi ng Gabi.Sumunod sa kanya ang mga Tao rito,Tunay na ipagkakaloob sa

kanya ang tulad ng gantimpala nila, ibig sabihin:Sa bawat isa na magsasagawa ng Witr na napatnubayan ni Allah sa kamay niya,Ipagkakaloob sa kanya ang tulad ng gantimpala niya,at gayundin ang mga natitirang ambubuting gawain niya.At sa sinabi niya:"At sinuman ang mag-anyaya sa Ligaw na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang kasalanan tulad ng mga kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga kasalanan nila kahit na isang bagay lamang": ibig sabihin: Kapag nag-anyaya siya sa Pagkakamali o anumang mga kasalanan,Tulad ng pag-aanyaya niya sa mga Tao sa mga Pampalipas -oras, Ipinagbabawal, Awit, Pagpapatubo ng pera,o maliban pa dito mula sa mga ipinagbabawal,Tunay sa bawat tao na naapektuhan sa paanyaya niya,Tunay na isusulat sa kanya ang tulad ng mga kasalanan nila;Dahil nag-anyaya siya sa kasalanan.Ang Pag-aanyaya sa Matuwid na Landas at ang Pag-aanyaya sa Kasalanan ay sa pamamagitan ng Pananalita;Halimbawa kapag nagsabi siya ng;Gawin mo ito at Gawin mo ito,At lalaong-lalo nang [maisasagawa ] sa pamamagitan ng Gawain,at sa sinumang tinutularan ng mga Tao,Sapagkat kung siya ay tinutularan pagkatapos ay gumawa siya ng isang bagay,Para din siyang nag-anyaya sa mga Tao sa gawain niya,At kaya`t ginagawa nila itong Patunay dahil sa mga gawain niya,At sinasabi nila na Ginawa ni Pulano ang ganito kaya ito ay ipinapahintulot,o di kaya`y;Iniwan niya ang ganito kaya ito ay ipinapahintulot.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3373